

Mga mahal na magulang/tagapag-alaga,

Tuwing Enero, ang Alberta Education ay nagpapadala ng Survey sa Pananagutan (Accountability Pillar Survey) sa lahat ng mga magulang/tagapag-alaga ng mga mag-aaral sa gradong 4, 7, at 10. Sa mga paaralan na merong mga estudyante na hindi hihigit sa 120, ang mga survey ay pinadadala ng paaralan sa mga magulang/tagapag-alaga ng mga bata.

Matatanggap ng lahat ng mga magulang/tagapag-alaga ang bersyon sa Ingles ng survey sa koreo, ngunit ang Alberta Education ay nagbibigay din nito sa Arabo, Blackfoot, Intsik, Cree, French, Koreano, Punjabi, Espanyol at Tagalog. Kung nais po ninyo na sagutin ang survey sa isa sa mga nabanggit na lengguahe, ipa-alam po lamang sa principal ng paaralan ng inyong anak at padadalhan po kayo ng kopya.

Importante po na ang mga magulang/tagapag-alaga ay kumpletuhin ang survey at ibalik sa Alberta Education. Ginagamit ng Alberta Education at ng publiko ang mga resulta ng Accountability Pillar survey para suriin ang kasiyahan sa kalidad ng edukasyon sa ating mga paaralan. At saka, ginagamit namin ang impormasyon para mapabuti ang pagtuturo at pag-aaral para sa inyong mga anak.

Kung hindi ninyo alam ang sagot, pumunta po sa susunod na tanong.

Ang inyong boses ay mahalaga. Ang Alberta Education at Calgary Board of Education ay nagpapasalamat sa inyo sa pagbabalik ng survey. Kung kayo ay may mga katanungan, kontakin lamang po ang principal sa paaralan ng inyong anak.